

Mga Pagpapatakbo ng Microenterprise na Kusina sa Bahay (MEHKO)

Mga Kagawian ng Mabuting Kapitbahay

Maaaring makaapekto sa komunidad ang mga MEHKO na pinapatakbo sa mga residensyal na lugar. Maging isang mabuting kapitbahay sa pamamagitan ng pagsunod sa pinakamahuhusay na kagawiang ito.

BASURA

- ✓ Iwasan ang labis na pagpuno ng mga basurahan at itali nang mahigpit ang mga bag
- ✓ Gumamit ng mga leakproof at rodent-proof na lalagyan ng basura para maiwasan ang mga pangangamoy at peste
- ✓ Magtakda sa iyong kompanya ng pagtatapon ng basura ng mga karagdagang pag-pick up ng basura kung kinakailangan

INGAY

- ✓ Panatilihin mahina ang amplified na musika at manghikayat ng tahimik na pag-uusap
- ✓ Sumunod sa mga karaniwang oras ng negosyo at tiyakin ang anumang lokal na paghihigpit
- ✓ Iwasang mag-ingay pagkalipas ng 10 p.m.

MGA KINAKAILANGAN SA NEGOSYO

- ✓ Kumonsulta sa Lungsod/County para sa mga partikular na regulasyon sa iyong lugar
- ✓ Kung umuupa, kumpirmahin sa may-ari ng inuupahan na pinapayagan ang pagpapatkbo ng MEHKO
- ✓ Kung bahagi ka ng HOA, magtanong sa kanila tungkol sa pagpapatakbo ng MEHKO

TRAPIKO

- ✓ Paalalahanan ang mga customer na ligtas na magmaneho
- ✓ Isaayos ang pag-pick up sa iba't ibang oras para maibsan ang trapiko
- ✓ Tiyaking hindi hinaharangan ng mga customer ang mga kalye o ang daloy ng trapiko

PARADAHAN

- ✓ Kung maaari, mag-alok ng paradahan na may nakatakdang lugar sa iyong daananan ng sasakyan
- ✓ Pag-isipang maghatid ng pagkain kung limitado ang paradahan

PAG-IWAS SA SUNOG

- ✓ Tiyaking walang combustible na vegetation at mga materyal sa loob ng 100 talampakan ng mga gusali
- ✓ Ilayo sa mga istraktura ang mga panlabas na kagamitan sa pagluluto
- ✓ Maglagay at regular na magpasuri ng mga alarm ng usok at carbon monoxide
- ✓ Panatilihin ang isang sumusunod na fire extinguisher (minimum type K) na madaling makukuha sa lugar ng pagluluto
- ✓ Kumonsulta sa iyong lokal na awtoridad sa sunog para sa mga partikular na regulasyon sa iyong lugar

TABA, MANTIKA, AT GRASA

- ✓ Itapon ang pinalamig na taba, mantika, at grasa sa basurahan
- ✓ Punasan ang mga kaldero, kawali, at pinggan bago hugasan
- ✓ Itapon ang malalagkit o mga mamantikang tira-tirang pagkain sa basurahan o sa berdeng basurahan, hindi sa garbage disposal

